2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

Ang lipunang Hapon ay may mga katangi-tanging patakaran at kaugalian sa pamumuhay tulad ng paglalabas o pagtatapon ng basura, pag-aalaga ng hayop, pag-iingay at paggamit ng kuwarto, pakikipagsalamuha sa mga kapitbahay, at pagdiriwang ng mga okasyon. Ang mga impormasyon para makapanirahan nang komportable sa Japan ay tatalakayin dito.

2-1 Mga holiday sa Japan

May 15 na araw na itinuturing o kinikilalang piyestang opisyal (holiday) sa Japan. Sarado ang mga paaralan, opisinang gobyerno at pampribadong opisina sa mga araw na ito ngunit ang mga shopping districts at department stores ay bukas tulad ng kapag ito ay bukas tuwing Linggo.

●Mga Piyestang Opisyal

Ika-1 ng Enero	Bagong Taon	Ipinagdiriwang ang bagong simula ng taon
Ika-pangalawang Lunes ng Enero	Coming of Age Day	Ipinagdiriwang ang pagkakaroon ng kamalayan at pagiging mayor-de-edad (20 taong gulang) ng mga kabataan
Ika-11 ng Pebrero	National Foundation Day	Paggunita sa pagkatatag ng bansa upang pagtibayin ang pagmamahal sa sariling Bayan
Ika-20 ng Marso		
(Iba-iba taun-taon)	Vernal Equinox Day	Paghanga sa kalikasan at pagpapahalaga sa mga nilalang
Ika-29 ng Abril	Araw ng Shouwa	Ginugunita sa araw na ito ang pagsulong mula sa kahirapan at ang panahon ng Shouwa na kung saan nakabangon ang bansa at ang pag-iisip ng kinabukasan ng bansa
Ika-3 ng Mayo	Araw ng Konstitusyon	Ipinagdiriwang ang pagkaproklama ng Konstitusyon ng Japan at paghahangad sa pag-unlad ng bansa
Ika-4 ng Mayo	Greenery Day	Ipinagdiriwang ang pagpapahalaga sa kalikasan at pagtanaw ng utang na loob dito
Ika-5 ng Mayo	Araw ng mga Bata	Ipinagdiriwang ang araw na ito para sa pagpapahalaga sa mga karapatan at paghangad sa mga kaligayahan ng mga bata at pagbibigay pasasalamat sa mga ina
Ika-tatlong Lunes ng Julyo	Araw ng Karagatan	Ipinagdiriwang ang araw na ito para sa pagbibigay pasasalamat sa mga

O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

		ng mga bansang napalilibutan ng karagatan
Ika-tatlong Lunes ng Setyembre	Araw ng Paggalang sa mga Matatanda	Paggalang at pagbibigay pasasalamat sa mga itinulong ng mga matatanda sa lipunan at ang pagdiwang sa kanilang mahabang buhay
Ika-23 ng Setyembre		
(Iba-iba taun-taon)	Autumnal Equinox Day	Paggalang sa mga ninuno at sa mga lumaon na
Ika-pangalawang Lunes ng Oktubre	Araw ng Isports	Ipinagdiriwang upang maging malapit ang loob at kaisipan sa isports at upang magkaroon ng magandang kalusugan
Ika-3 ng Nobyembre	Araw ng Kultura	Pagpapahalaga sa kalayaan at kapayapaan at ang pagpapa-unlad sa kultura
Ika-23 ng Nobyembre	Labor Thanksgiving Day	Pagpapahalaga sa paggawa, pagdiriwang sa produksyon, at pagpapasalamat sa isa't-isa
Ika-23 ng Disyembre	Kaarawan ng Emperor	Ipinagdiriwang ang kaarawan ng Emperor